Sisimsim sana siya ng champagne nang isang pamilyar na baritonong boses ang nagsalita sa kanyang likuran.

"Hi, Miss Gorgeous. Care to be my first dance?" tanong nito na parang siguradong-siguradong papayag siya.

Marahas siyang tumingala at hindi nga siya nagkamali ng sapantaha.

The arrogant brute!

"Um… I'm sorry, Mr. Villagracia pero—"

"Too formal. Call me Renz. Dance with me. I don't take no for an answer," putol nito sa gagawin niyang pagtanggi.

"I didn't know na mandatory pala ang makipagsayaw sa anak ng CEO," asik niya rito at walang pakialam sa ilang mga guests na natuon ang paningin sa kanila.

"Well, the CEO's son has a very short temper too. You can choose, you dance with me or I'll kiss you, right here, right now," pagbabanta nito at kinabahan siya sa maaaring gawin nito sa kanya.

Hindi naniniwala si Lorelie na mangangahas itong halikan siya. Despite that, her body responded to the simple threat in a way she couldn't fathom. Napilitan siyang tumayo at iniabot ang kamay rito.

"Can't resist my charm, eh?" He spun her around and pulled her close.

"Bilib din ako sa self-confidence mo, Mr. Villagracia," she said between gritted teeth, trying to control her anger and her nervousness as well. Nanghihina siya sa simpleng pagkakadikit nila.

Parang tukso namang napalitan ang maharot na tugtugin ng isang ballad mula kay Ed Sheeran. Biglang nanuyo ang lalamunan ni Lorelie at ngani-nganing takbuhin pabalik ang mesang inookupa niya. Naramdaman ni Renz ang uneasiness niya at hinapit siya nito sa baywang.

"Relax, Miss Gorgeous. I won't bite you," amused nitong sabi.

"Mr. Villagracia, I'm beginning to think you're slow when it comes to names. It's Lorelie, not gorgeous," aniyang hindi makatingin sa mga mata nito. She was very much aware of the man. His hard and powerful built. His broad shoulders beneath her hands. His hands on her waist, clutching her as if makakawala siya. And his scent assaulting her senses. It was so masculine she wanted to smell him forever.

"Drop the formality and no, I don't have trouble with names. You're gorgeous and I want to call you that," sagot nito, at mahinang tumawa.

Pumikit na lamang ang dalaga at muntik na siyang mapaigtad nang maramdaman ang labi ng lalaki sa kanyang punong-tainga. At hindi siya makapaniwalang gahibla na lang ang pagitan nilang dalawa. Pakiramdam niya ay nasa loob siya ng isang time warp zone at ipinaghahampasan ng isang malakas na puwersa.